

Sulyap sa Kritisismo ni Romualdo Abulad sa Pamimilosopiyang Filipino

Emmanuel C. de Leon
Unibersidad ng Santo Tomas
ecdeleon@ust.edu.ph

ABSTRAK

Isang kritikal na pagbása ito sa iláng primaryang teksto ni Romualdo Abulad upang maiulat ang uri ng diskurso niya na maaari nating ipagpatuloy o lapatan ng puna. Partikular na pinagtuonan ng pansin dito ang kaniyang kritisismo hinggil sa uri ng pamimilosopiya sa ating bansa. Sinimulan ang papel sa pamamagitan ng pagtalakay sa uri, layunin, at pamamaraan ng pagpunang maka-Abulad. Gayundin, binigyang-pansin sa pag-aaral na ito ang iláng paksang nilapatan niya ng pagsusuri tulad ng postmodernismo, pilosopiyang Filipino, at wika ng pilosopiya sa ating bansa.

Mga Susing Salita: Romualdo Abulad, Pilosopiyang Filipino, Kritisismo, Wika ng Pilosopiya sa Filipinas

PANIMULA

Ang ibig sabihin ng salitang “sulyap” ay “mabilisang pag-uukol ng tingin”. Iyan ang nais kong gawin natin sa papel na ito dahil hindi lubos na masisilayan ang kaisipan ni Romualdo Abulad sa pamamagitan isang maikling artikulo. Bukod dito, samot-saring diskurso rin ang pinaglaanan niya ng talino at panahon. Kayâ, pinili kong ilahad [muna] ngayon ang kaniyang kritisismo sa pamimilosopiyang Filipino. Tulad ng anumang paglalahad na maka-Abulad, hindi táyo gagawa ng short-cut patungo sa pag-unawa ng kaniyang kaisipan. Susulyapan natin ang iláng pagninilay ni Abulad para táyo mismo ang magsimulang magbasá, magsulat, at bumatikos sa mga kaisipang ito kung kinakailangan. Iiwasan nating palabnawin ang mga konsepto dahil allergic si Bro. Romy sa masyadong pagpapasimple. Ang tanging magagawa ng maikling artikulong ito ay magbanggit ng iláng batong-pananda sa mga kaisipan ni Abulad upang bakâ-sakali ay may iláng mambabasá na mapukaw ang kamalayan at tumúngo sa mismong isinulat niya.

Ngayon, hindi direktang binigkas ni Abulad ang buong pakay niya sa pamimilosopiya. Pero, ang maituturing na pangunahing sangkap na hindi nawala sa anumang bagay na kaniyang pinaksa ay itong aspekto ng “pagpuna”. Sa kaniyang artikulo noong 1978, ipinahayag niya ang pagnanais na “palaganapin ang kamalayang pumuna sa mga lisyang kalakaran” (“Mga Puna Tungo sa Pag-asa” 30). Bagaman kilalá si Abulad sa pagiging eksperto sa pilosopiyang Kantiano, at mahalaga rin talaga ang maiaambag ng ginawa niyang pag-angkat sa pilosopiya ni Kant para mailapat sa kalagayang Filipino, bihira pa ang pumapasok sa pag-unawa ng pananaw ni Abulad hinggil sa kritisismo. Pero, kung tutuusin, sa direksiyong ito inaakay ni Abulad ang pamimilosopiyang Filipino. Kayâ sa artikulong ito, papasukin natin ang talastasan ni Abulad hinggil sa isang walang patawad na pagpuna. Gayundin, magbabanggit táyo ng iláng halimbawa ng paksang nilapatan niya ng kritisismo tulad ng postmodernismo, pilosopiyang Filipino, at wika ng pilosopiya sa Filipinas. Sa huli, susubukin nating lumabas muli sa talastasang maka-Abulad sa pamamagitan ng pagpapadaloy sa mga suliraning sinimulan ni Bro. Romy.

ANG PAGPUNANG MAKABULAD

Ang pagpunang maka-Abulad ay parating sumusubaybay sa perspektiba ng kasaysayan. Mahalagang tingnan ang isang bagay mula sa perspektiba ng “paggiling ng kasaysayan” (“Mga Puna Tungo sa Pag-asa” 29) para masuri ito mula sa pinakaugat hanggang sa mga sanga. Alalaumbaga, nagkakaroon ng “laman” ang pagpuna o

kritisismo kung mulát ang isang kritiko sa kasaysayan ng isang bagay o kaisipan na kaniyang sinusuri.

Ginamit niyang halimbawa ang radikalismo nina Descartes at Nietzsche na “sumibol mula sa isang malawak at malalim na pag-unawa sa buong kasaysayan ng pilosopiya” (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 79). Hindi maaaring maging kritiko ang isang táong makitid at sarado sa nag-iisang perspektiba lámang. Maaari nating basahin ito bílang reaksiyon ni Abulad sa “lisyang kalakaran” ng dogmatismo na namayani noon sa klase ng pamimilosopiya sa ating bansa. Sa ibáng paliwanag, hindi maisasakatuparan ang pagpuna bílang pagsusuri ng makatwiran at di-makatwirang kaisipan kung sarado ang isipan sa isang dogma. Kayâ, kailangan ng pagsubaybay sa kasaysayan at pundamental na kaisipan para mabuksan at mapalawak ang ating isipan. Paliwanag ni Abulad,

Tingnan natin sumandali ang Kritisismo. Sa unang tingin ito ay isa lámang mahig-pit na disiplinang ginagamit upang pigilin ang ating mapagpalalong paglulubid ng mga rasyonalistikong kaalaman. Sa kabilang dako, ito ay isa ring **mabisang sandata** upang ating **mapalawak at mapangalagaan ang kalayaan** ng ating isip na sundin ang pinakamalalayong landas ng pag-aaral, saanman ito makarating (“Si Kant at ang Pilosopiya sa Pilipinas” 67).

Dagdag pa niya, “Ang hinihiling lámang ng Kritisismo ay ang **palagiang pagsubaybay natin sa mga subhetibong hangganan ng ating mga hatol**” (“Si Kant at ang Pilosopiya sa Pilipinas” 68). Ibig sabihin, “mabisang sandata” ang kritisismo para makaiwas sa anumang uri ng dogmatismo. Batikos ito ni Abulad sa mga kritiko na nakalilimot suriin ang sarili niláng pansuri. Halimbawa dito ang iláng kritikong Marxista na nakalilimot na ang katwirang ginagamit nilá sa pagsusuri ay may mga “subhetibong hangganan” na kailangan ding idaan sa pagsusuri.

Kantiano, kung gayon, ang pananaw ni Abulad sa kritisismo. Sa pamagat ng libro ni Kant na *Critique of Pure Reason*, dapat pansinin ang pang-ukol o preposition na “of”. Maaaring mangahulugan ang pamagat na “katwiran ang nagsusuri”. Pero, maaaring mangahulugan din ito na “katwiran ang sinusuri”. Kung itatanong natin, alin sa dalawang kahulugan ng pamagat ang nais puntuhin ni Kant? Ayon kay Abulad, parehong nilalaman ng pamagat ang dalawang kahulugan. Ibig sabihin, kasangkapan sa pagsusuri ang purong katwiran; pero, dapat nakabilad din at patuloy na sinusuri ang mismong kasangkapang ito. Dagdag pa niya, walang pinalalampas ang kritisismo

kahit ang mismong kritisismo (“Filipino Philosophy in the Turbulent Period of Postmodern Transition” 116). **Samakatwid, ang pagpunang maka-Abulad ay hindi lámang pagbatikos sa pinapaksa, kundi pagbatikos din sa mismong pumapaksa.**

Ganito, halimbawa, ang pinrolema niya hinggil sa usapin ng postmodernismo. Sinimulan niyang unawain ang daloy ng nakaraang kaisipan para lubos na maunawaan ang kasalukuyang kalagayan. Paliwanag niya,

Bágo ko pa man lisanin ang akademya túngo sa búhay-relihiyoso, isang pagbabágo na hindi naman talaga eksklusibo sapagkat wala talagang pag-iwan sa pilosopiya kahit sinimulan kong tahakin ang kalagayang relihiyoso,—bágo ko pa man isagawa ang pagbabágong ito, babád na ako sa taunang pananaliksik hinggil sa ibá’t ibáng pilosopiya ng nakaraan at kasalukuyan, nakaugnay ang lahat ng ito sa layuning matagpuan kung ano-ano ang ambag ng mga dakilang pantas sa kasaysayan ng postmoderno. Ang mga interpretasyon ko hinggil kina Plato, Heidegger, Krishna-murti, Rodolf Steiner, at maging kay St. John of the Cross, at maging ang pagtangka kong ipaliwanag ang pilosopiyang Filipino at Frances, saklaw ang lahat ng ito ng adhikaing matuklasan ang mga ugat ng bágong kamalayang ito (“Kant and Postmodernism” 39, akin ang salin).

Mula sa ginawa niyang mga pag-uusisa, gámit ang pag-antabay sa kasaysayan at pundamental na pilosopiya, nakita niya ang mahalagang katayuan ni Nietzsche sa sapin-saping mga pangyayari na nagdulot ng postmodernismo. Wika niya, “Sinadya kong banggitin dito si Nietzsche dahil sapantaha ko na kung mayroon mang pilosoper na maitatanghal bílang Ama ng Postmoderno, siyá dapat ito. Ito ang nais kong ipaliwanag sa inyo ngayon” (“What is Postmodernism?” 22, akin ang salin). Pinaghambing muna ni Abulad ang nagawa ni Descartes, ang di-mapagdududahang Ama ng Modernong Kaisipan, at ang nagawa ni Nietzsche para bigyan ng hustisya ang sapantaha niya.

Ayon kay Abulad, pareho siláng nangahas magsimulang muli para mapausbong ang isang bágong kamalayan. Kumbaga, kinailangan nilá parehong dumaan sa isang via negativa para makarating sa isang via positiva (“What is Postmodernism?” 23). Sa ibáng salitâ, dumaan sina Descartes at Nietzsche sa “yugto ng paglilinis” (si Descartes ay sa pamamagitan ng metodikong duda; si Nietzsche ay sa pamamagitan ng dekonstruksiyon) para makarating sa “yugto ng muling pagsisimula”. Ngunit, kung tutuusin, ang talagang pinupunto ni Abulad sa pagtalakay nito ay ang maling pag-unawa ng mga Filipino sa kalagayang postmoderno. Wika niya,

Aminin ko na itong unang pahayag ng postmodernismo ay hindi pa lubusang natatanggap ngayon dito sa Filipinas. Napakarami pa nating tákot bunga ng ating pagkapit sa maraming pala-palagay na ipinamana sa atin ng nakaraan. Mayroon pa ring matinding pagtuligsa sa hámong pulbusin ang lahat ng pinanghahawakan natin. Ang samot-saring mukha ng selektibo nating pagbitaw ay tanda na hindi pa natin káyang bumitaw sa maraming paniniwala na iniingatan natin (“Kant and Postmodernism” 55, akin ang salin).

Dito ko sisimulang iugnay ang paksang inihain ko kanina dahil, ayon kay Abulad, ang konsepto ng pilosopiyang Filipino ay kabilang sa mga pinanghahawakan natin na kailangan na nating simulang “pulbusin”.

ANG KRITISISMO NI ABULAD SA PAMIMILOSOPIYANG FILIPINO

Sa artikulong “Options for a Filipino Philosophy” (1984), ibinulalas ni Abulad ang kalagayan na kahit dumaan na sa “dalawang henerasyon ng mga guro” ang kasaysayan ng pilosopiya sa Filipinas¹, nanatiling wala pa ring Filipinong pilosoper na maituturing na orihinal at may kalibreng pang-internasyonal (“Options for a Filipino Philosophy” 17). Hindi ibig sabihin ay walang mithiin ang mga Filipino na makawala sa gapos ng pilosopiyang “blue seal”. Sa halip, ayon kay Abulad, may mali sa ating paraan ng paghahanap ng “originality”. Napansin niya ang pagkalulong ng mga pilosoper na Filipino sa paghahanap ng pambansang pilosopiya sa pamamagitan ng pagtunton nitó sa nakaraan. May mali sa pamamaraang ito dahil sapantaha niyang wala talaga táyong babalikan at mapaghuhugutan ng “dakilang kasaysayan”.²

¹ Ang tinutukoy niyang “dalawang henerasyon ng mga guro” sa kasaysayan ng pilosopiya sa Filipinas ay itong (1) mga banyagang propesor na dalubhasa sa Tomismo at Eskolastisismo, at (2) mga Filipinong propesor na produkto ng naunang henerasyon.

² Apat na taon makalipas niyang isulat ang “Options for Filipino Philosophy” (1984), bahagyang nagbago ang kaniyang pananaw tungkol dito sa kaniyang artikulong “Contemporary Filipino Philosophy” (1988). Bunga ng pangyayari na kalimitang tinatawag na *EDSA Revolution*, nakakita si Abulad ng isang “monumento” (isang kongkretong tanda) ng kadakilaang-Filipino. Pero, dahil “bahagya” lámang ang kaniyang “pagbabago ng pananaw” hinggil sa pagkakaroon natin ng dakilang kasaysayan, patúloy siyáng naghahanap ng ibá pang mga “monumento”. Sang-ayon siyá sa pananaw ni Hegel na nasusukat ang kadakilaan sa pamamagitan ng mga kongkretong tanda nitó. Kayá nga lámang, hindi kontento si Abulad sa papuring ibinibigay sa lahing Filipino bílang “punò ng potensiyal”. Dapat aniyang itayó at isakongkreto ang kagalingang Filipino. Paliwanag niya, “Mula sa kawalang-kasaysayan, papasok táyo túngo sa kasaysayan, subalit gaya ng minsan nang nakita ni Schelling, hindi maaaring magkaroon ng kasaysayan kung walang kalinangan. Ang kasaysayan ay ang kasaysayan ng Diwa (*Spirit*), nagbubunyang ng kaniyang sarili ang Diwang ito sa mga sining at literatura ng táong-bayan, sa isang kataga, kalinangan. Kalinangan ito bílang isang kusang-binuong kahenyohan ng táong-bayan. Ang kasaysayan ay ang kasaysayan ng Kamalayan” [Romualdo Abulad, “Contemporary Filipino Philosophy”, sa *Karunungan* 5 (1988), 2, akin ang salin].

Nais niyang pasubalian ang isang pagwawari na ang bawat lahi ay may sarili at orihinal na pilosopiya. Para maunawaan ang nasabing pagpapasubali, mahalagang maláman kung ano ang kahulugan ng pilosopiya na tinukoy ni Abulad. Wika niya,

Kung ang pilosopiya ay kasingkahulugan lámang ng Volksgeist, masasabing ang lahat ng tao ay may pilosopiya. Marahil nga ay may katotohanan ang pagpapalagay nang ganito, sapagkat maging ang magiting na pilosopong si Immanuel Kant ay umamin na ang lahat ng tao ay napaiilalim sa isang pilosopiyang katutubo na kaiba sa agham ng pilosopiya. Ang katutubong kaisipan ay taglay ng bawat táong kabilang sa isang lipunan; ang kaisipang ito ang pilit na hinahanap ng isang sikologo o isang antropologo (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 66).

Pinunto rito ni Abulad na kung katutubong diwa ang pag-uusapan, walang dudang mayroon nitó ang mga Filipino. Kumbaga, hindi na dapat pagtalunan na may kapantasan ang táong-bayan dahil kahit ang pinakaantigong sibilisasyon ay mayroon nitó. Pero, ang uri ng pilosopiyang Filipino na dapat itanghal, ayon kay Abulad, ay iyong hinog na bunga ng dahan-dahang diyalektiko ng kamalayan. At, posible lámang ito sa pamamagitan ng kusang paglundag ng ating mga pilosoper sa “ipuipo” ng mga unibersal na ideá (“Rationale for a Filipino Philosophy” 3). Paliwanag pa niya,

...Kung ang hinahanap nating pambansang pilosopiya ay **ang kusang-binuong hugis ng isang makaagham na kaisipan** [akin ang diin], tiyak na magkakaroon táyo ng pag-aalinlangan at marahil ay itatanong natin kung ano nga ba ang ibig sabihin ng pilosopiyang ito. Sa kasalukuyan ay mabibilang natin sa ating mga daliri ang mga bansang may matatawag na ganitong pilosopiya. Sa panig ng mga bansang nasa Ikatlong Daigdig, tanging ang India at China ang mga bansang walang agam-agam na ituturing nating may kamalayang pilosopikal. Sa Kanluran naman ay kagyat na maaalala natin ang Francia, Alemanya, at Inglatera. At sa mga sibilisasyong hindi na umiiral ay walang pagsalang babanggitin natin ang Grecia (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 67).

Samakatwid, ang “orihinal” na hinahanap ni Abulad ay iyong klase ng pilosopiya na “hindi likás” at “hindi tinataglay” ng lahat ng bansa. Mataas ang respeto ni Abulad sa mga bansang kaniyang binanggit dahil tanging ang mga bansang ito ang may maipapakitang kongkretong patunay ng kalipunan ng kaniláng mga klasikong akdang pampilosopiya (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 67).

Ito ang dahilan kung bakit sinimulan niyang rebyuhin at imapa ang pilosopikong tunguhin ng iláng pilosoper sa ating bansa. Mula dito, napansin niyang may dalawang pangunahing “inklinasyon” sa pamimilosopiya ang mga akademikong

Filipino; tinawag niya itong *regresibo* at *progresibo*. Ang nauna ay tungkol sa “inklinasyon” na magsiwalat ng mga idea kung paano ito mismo umiiral. Samantala, ang pangalawa naman ay tungkol sa “inklinasyon” na magpanukala ng isang naiiba at hindi pa nasusubukang kaisipan (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 23).

Mahalaga, para kay Abulad, na magalugad ang nilalaman ng ating “library of great philosophical works” para magkaroon táyo ng kaalaman hinggil sa **antas ng pagmamalay na nakapaloob sa mga ito**. At dahil isang diyalogo ang pilosopiya, mahalaga para sa kaniya na hindi táyo kalát-kalát. Pero, napansin niyang kalát-kalát ang tema ng ating pamimilosopiya dahil hindi natin inuusisa ang suliraning pilosopiko ng mga kapuwa natin Filipino (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 18).

Matapos niyang magalugad ang iláng diskursong pilosopiko sa mga yugto sa kasaysayan ng pilosopiya sa Filipinas, napuna niya ang kalagayan ng kaniyang kapanahunan bilang lulong sa pagkakahon sa pilosopiya sa bansag na “Filipino”. Suhestiyon niya na sa halip na itanong kung “mayroon nga bang pilosopiyang Filipino?”, higit na dapat pagtuonan ng pansin ang pag-uusisa kung bakit nga ba nahuhumaling ang mga Filipino sa paghahanap ng pambansang pilosopiya.

Hindi aniya nakatutulong sa pagsulong ng martsa ng Kamalayang Filipino ang nasabing katanungan dahil, una sa lahat, hindi ito angkop sa unibersal na katangian ng pilosopiya. Masyadong eksklusibista ang adhikaing “pagsasakatutubo” na humahantong na rin sa puntong narsisistiko. Wika niya, “Nagpapagal lámang sa pamimilosopiya ang mga pilosoper ng Grecia; táyo lámang mga abang mortal ng bágong henerasyon ang ginagawang pambansa ang kaniláng mga kaisipan” (“The Filipino Philosopher in Search of Originality” 1, akin ang salin).

Bukod dito, hindi rin siyá kontento sa pamamaraan ng pagdalumat sa mga kasabihan at kulturang Filipino na ginawa nina Leonardo Mercado, Florentino Timbreza, Emerita Quito, at iba pang pilosoper sa ating bansa. Higit aniyang mahusay na magagampanan ng mga antropologo ang nasabing proyekto. Kumbaga, nararapat lámang maging bunga ng makasiyentipikong pagninilay ang pag-aanalisa ng kamalayang-bayan. Wika niya, “Ang kawalan ng isang siyentipiko at kultural na pagninilay ay nagtutunog-hungkag, kundi man kababawan” (tingnan sa “Pilosopiyang Pinoy: Uso Pa Ba?”).

Kung tutuusin, hindi minasama ni Abulad ang pananaliksik hinggil sa Diwang Filipino. Pero, hindi niya tinitingnang gawain ito ng mga pilosoper. Kahit ang antropologo at historyador na si Zeus Salazar ay nakulangan din sa mga espekulasyon, halimbawa, ni Mercado. Wika niya,

Kahinahunan din ang nararapat sa pagpapahiwatig o pag-iintindi ng “pilosopiyang Pilipino”. Hindi dapat ipakita itong parang kabaligtaran lámang ng kung anumang nalalaman ng diwang Kanluranin. Indibidwalista ba ang mga taga-Kanluran? Samakatwid, táyo ay makagrupa, makapangkat, mapag-ibig sa sariling pamilya, angkan o anupamang kabuuan. Lohikal ba ang mga taga-Kanluran? Samakatwid, táyo’y mapagbuo ng kaisipan. Hindi maaari ang ganitong pag-iisip. Una, sapagkat nagawa na ito—at hindi ng sinumang katutubo, kundi ng mga Kanluranin mismo (“Ilang Batayan para sa Sikolohiyang Pilipino” 54).

Masyadong binaristiko diumano ang eskema ni Mercado at ng mga tagasunod nito na nakapaloob sa tinawag ni Abulad na antropolohikong lápit o *anthropological approach*.

Sa halip na maglaan ng panahon sa pangongolekta, pagsisistema, at pag-aanalisa ng mga kasabihan para mapagitaw ang pilosopiyang Filipino na matagal nang umiiral sa kamalayan ng táong-bayan, panawagan ni Abulad itong “muling pagsisimula”. Paliwanag niya, “Ang tinatatawag nating pilosopiyang Filipino ay nararapat lámang sulatin ng ating mga bayaning pilosopiko, mga dalubhasang indibidwal na malalimang tinatanaw ang mga bagay at siláng mga hindi maipagkakaila ang intelektuwal na integridad” (“Options for a Filipino Philosophy” 27, akin ang salin).

Sa isang artikulo naman na isinulat niya noong 1991, tinalakay ni Abulad ang iláng katangian ng pilosopiyang Frances na mapagbabatayan ng kritisismo sa pamimilosopiya sa Filipinas. Una, napansin niya ang kahalagahan ng paggamit nilá ng wikang pambansa. Paliwanag niya, “Kung susuyurin natin ang mga bansang may ganitong matatawag na pambansang pilosopiya ay makikita natin na ang lahat ng ito ay may mga katipunan ng mga pangunahing akda na nakatitik sa kani-kanilang mga wikang pambansa” (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 69). Ito ang dahilan kung bakit itinuring niyang “pangarap” ang maging saksi sa isang pilosoper na Filipino na nagsulat ng akdang pilosopiko na kinikilala sa buong mundo. Ganito rin ang tono ng artikulong “Kant for Filipinos” (1986) kahit ito ay nakasulat sa wikang Ingles. Wika niya,

Kung tatanungin ninyo ako, pangarap kong makita ang isa sa mga kababayan ko na nakapagsulat ng isang dakilang pilosopikong akda sa wikang Filipino na titingalain sa ibáang bansa at magkakaroon ng saysay para maisalin sa ibáang mga wika. Dahil dito, hindi na ituturing na di-kilalang dila ang wikang Filipino at matatanyag ang diwang Filipino bílang isa sa pinakamahuusay (“Kant for Filipinos” 42, akin ang salin).

Kayâ itinuring niyang malaking hakbang pasulong ang ginawa ng kaniyang propesor na si Emerita Quito na pinakaunang naglathala ng aklat pampilosopiya gámit ang wikang Filipino. “Si Quito”, paliwanag ni Abulad, “ay maihalalintulad natin kay Descartes na siyáng unang gumamit ng wikang Pranses upang bumuo ng isang pilosopiya” (“Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino” 69). Mababakas din ang pagkilala ni Abulad sa ambag ni Quito sa isang panayam na binigkas niya sa University of the East (UE) noong 1976 kung saan niya sinabing: “Hindi ang aba ninyong lingkod, kundi si Dra. Emerita Quito ang siyáng lalo’t higit na may karapatang bumigkas ng kasalukuyang panayam. Higit niyang nauunawaan kaysa sa akin ang kahalagahan ng paggamit ng isang wikang likás sa bansa” (“Pilipino sa Pilosopiya” 165-166).

Pagpuna ito ni Abulad sa masyadong pagkahumaling ng mga Filipino sa paggamit ng wikang Ingles at duda siyá kung ikinagaling nga ba talaga ng bayan natin ang klase ng edukasyon na may pagkiling sa wikang dayuhan. Sa isa pa ring artikulo na isinulat niya gámit ang wikang Ingles at may pamagat na “Revolution through Values” (1989), iniatang niya sa paggamit ng wikang Filipino ang posibilidad ng pag-unlad ng ekonomiya ng ating bansa. Wika niya,

Sa wikang ito, at hindi sa mapagkunwaring paggamit ng isang banyagang wika, nakasalalay ang pagtatatag ng isang lipunan na maaari nating maipagmalaki sa buong mundo. At, málay natin, bakâ sakaling dito rin sa ating sariling wika nakasandig ang isang mabungang pakikipagkalakalan na maghahatid sa atin túngo sa isang masaganang búkas (“Revolution through Values” 36, akin ang salin).

Kayâ, hinimok niya ang mga nása akademya na puspusan pang gamitin ang wikang pambansa hindi lámang sa pagtuturò kundi maging sa pagsusulát ng kaniláng mga saliksik. Ayon kay Abulad, kapaki-pakinabang ang pagsisikap na matútong bumása, umintindi, at magsulat sa wikang banyaga dahil maraming kaisipang pilosopiko ang nakasulat sa mga wikang di-Filipino. Pero, ang talagang sukatán ng pagiging kapaki-pakinabang nitó ay kung tumutúngo ito sa pang-unawa ng táong-bayan, na siyáng “huling hantungan” o *telos* ng anumang kaalamang pilosopiko. Hindi aniya akma ang wikang Ingles para turuan ang Diwang Filipino dahil wikang Filipino ang totoong sinasalita nitó. Paliwanag niya,

Subalit ang pilosopiya ay hindi eksklusibong pag-aari ng mga dalubhasa. Ang huling hantungan nito ay ang diwa't damdamin ng mga karaniwang táong siyáng magpapalago sa mga yamang iniwan ng mga nakalipas na lahi. At dahil sa ang higit na nakararami sa atin ay nahasa sa paggamit ng wikang Pilipino sa ating pang-araw-araw na búhay, hindi kayâ wasto lámang na Pilipino rin ang siyáng gamitin nating **kasangkapan sa pagmumulat ng isipang Pilipino?** ("Pilipino sa Pilosopiya" 159, akin ang diin).

Kung ginagamit ang pilosopiya bílang instrumento sa pagpuna sa mga lisyang kalakaran panlipunan, at pakay nitóng makarating sa tenga at diwa ng táong-bayan, malaki nga naman ang potensiyal ng paggamit ng wikang pambansa sa pagpapaunlad ng pilosopiyang Filipino.

PANGHULÍ: TÚNGO SA ISANG PILOSOPİYANG FILIPINO

Malinaw na lalong maraming katanungan ang nabuo dahil sa ginawa nating pagsulyap sa kritisismo ni Romualdo Abulad sa pamimilosopiyang Filipino. Sa mga pumapaksa ng kasaysayan ng pilosopiya sa ating bansa, mahalaga ang saliksik ni Abulad hinggil sa taksonomiya ng mga diskursong pilosopiko ng mga kapuwa natin Filipino. Dahil panimula ang nasabing saliksik, natural lámang na hindi ito kompleto. Saan nga ba dapat simulan ang paghahanap natin ng mga monumento o kongkretong tanda ng Diwang Filipino? Paano ba dapat unawain ang kasaysayan? Paano ito inilalahad?

Pangalawa, mahalagang ipagpatúloy ang talastasan hinggil sa suliranin ng paghahanguan ng pilosopiyang Filipino. Nauna itong ipinaliwanag ng propesor ni Abulad na si Ramon Reyes sa kaniyang artikulo noong 1973 na "Sources of Filipino Thought". Kung sina Leonardo Mercado at Florentino Timbreza ay nag-focus sa *vital thought* na matatagpuan sa mga mito, ritwal, awit, kasabihan, wika, kuwentong-bayan, at iba pang anyo at berbalisasyon ng kamalayang-bayan, pinahalagahan naman ni Abulad ang *reflexive thought* sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kritikal na analisis sa diskursong pilosopiko ng mga Filipino at pagpapanukala ng mga bágong kaisipan. Para sa akin, parehong mahalaga ang proyektong pagpapalitaw ng kategoryang "nariyan na" at ang proyektong pagsasagawa ng pilosopiyang "personal". Pero, sa ngayon, suliranin pa rin kung ano-anong teksto ang gagamitin tuwing pag-aaralan ang kapantasang Filipino. Bukod dito, sino-sino ba ang mga pilosoper na dapat talakayin? Paano silá dapat talakayin? Ano-anong katanungan ang dapat nása isipan ng mga Filipinong namimilosopiya?

Pangatlo, binuksan din ni Abulad ang diskurso hinggil sa paggamit ng wikang Filipino sa pilosopiya. Bagaman maliwanag ang kahalagahan nitó sa pagpapayabong ng pilosopiyang Filipino, malinaw ring suliranin ang pagsasakatuparan. Nariyan ang rehiyonalismo, neoliberal na polisiya ng gobyerno, kakulangan ng mga tekstong pilosopiko na nása wikang Filipino, at marami pang iba. Bukod dito, kailangan ding balansehin ang kahalagahan ng paggamit ng wikang di-Filipino dahil malaki ring bahagi sa pagpapayabong ng pilosopiyang Filipino ang pag-angkat ng mga konsepto at kategoryang mula sa labas.

Panghuli, mahalaga ang ginawa niyang paglilinau hinggil sa kahalagahan ng kritisismo. Kailangan ang “mapangwasak” na aspekto ng kritisismo upang maláman kung talagang tatayo ang isang bagay o paniniwala mula sa pagsusuri ng purong kaisipan. Sa pamamagitan nitó, nakapaghain si Abulad ng isang pamantayan sa pagsusuri ng kamalayang Filipino na may tungkuling wasakin ang mga lisyang kalakaran upang tulungan táyong dahan-dahang makabitaw sa mga ito. Hindi natatapos ang maka-Abulad na pagpuna sa nakapanlulumong pagtuligsa at pagpulbos ng mga hungkag na paniniwala. Sa halip, nakatanaw ito sa mga hámon ng pagsisimulang muli para sa mas makatotohanang hinaharap.

BIBLIYOGRAPIYA

- Abulad, Romualdo E. “Pilipino sa Pilosopiya”. *DLSU Dialogue* 11. 1976. Nakalimbag.
- _____. “Mga Puna Tungo sa Pag-asa”. *Daop Diwa* 2. 1978. Nakalimbag.
- _____. “Si Kant at ang Pilosopiya sa Pilipinas”. *Malay* 1. 1981. Nakalimbag.
- _____. “Kant and the Filipino Quest for a Philosophy”. *Sophia* 11. 1981. Nakalimbag.
- _____. “Rationale for a Filipino Philosophy”. *Sophia* 12. 1982. Nakalimbag.
- _____. “Options for a Filipino Philosophy”. *Karunungan* 1. 1984. Nakalimbag.
- _____. “The Filipino as a Philosopher in Search of Originality”. *Karunungan* 2. 1985. Nakalimbag.
- _____. “Kant and the Task of Contemporary Filipino Philosophy”. *Sophia* 16. 1986. Nakalimbag.
- _____. “Kant for Filipinos”. *Sophia* 16. 1986. Nakalimbag.
- _____. “Kalooban Mo, Kagustuhan Ko”. *Malay* 6. 1986. Nakalimbag.
- _____. “Kant’s View of Science”. *Sophia* 17. 1987. Nakalimbag.

- _____. "The Philosophical Bases of Values Education". *DLSU Graduate Journal* 12. 1987. Nakalimbag.
- _____. "Contemporary Filipino Philosophy". *Karunungan* 5. 1988. Nakalimbag.
- _____. "Revolution Through Values". *Sinag* 1. 1989. Nakalimbag.
- _____. "Ang Pilosopiyang Pranses sa Pananaw ng Isang Pilipino". *Karunungan* 8. 1991. Nakalimbag.
- _____. "Kant and Postmodernism". *Two Filipino Thomasian Philosophers: On Postmodernism*. (Ed.) Romualdo E. Abulad, SVD. Manila: UST Publishing House, 2004. Nakalimbag.
- _____. "What is Postmodernism?". *Two Filipino Thomasian Philosophers: On Postmodernism*. (Ed.) Romualdo E. Abulad, SVD. Manila: UST Publishing House, 2004. Nakalimbag.
- _____. "Filipino Philosophy in the Turbulent Period of Postmodern Transition". *USC Graduate Journal* 25:1. 2008. Nakalimbag.
- _____. "Philosophy after Kant". *Diwa: Studies in Philosophy and Theology* 39. 2014.
- _____. "Pilosopiyang Pinoy: Uso Pa Ba?". *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 13:2. 2019. Nakalimbag.
- _____ & de Leon, Emmanuel C. "An Interview with Romualdo Abulad, SVD". *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 10:1. 2016. Nakalimbag.
- Co, Alfredo P. "Doing Philosophy in the Philippines: Fifty Years Ago and Fifty Years From Now". *Two Filipino Thomasian Philosophers: On Postmodernism*. (Ed.) Romualdo E. Abulad, SVD. Manila: UST Publishing House, 2004. Nakalimbag.
- de Leon, Emmanuel C. *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino*. Maynila: Aklat ng Bayan. 2019. Nakalimbag.
- Mercado, Leonardo N. *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University Publication. 1974. Nakalimbag.
- _____. *Applied Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University Publication. 1977. Nakalimbag.
- Miranda, Dionisio M. *Loob: The Filipino Within*. Manila: Logos Publications, Inc. 1988. Nakalimbag.
- Quito, Emerita S. *A Life of Philosophy: Festschrift in Honor of Emerita S. Quito*. Manila: DLSU Press. 1990. Nakalimbag.
- Reyes, Ramon C. "Sources of Filipino Thought". *Philippine Studies* 21:4. 1973. Nakalimbag.
- Salazar, Zeus A. "Ilang Batayan para sa Sikolohiyang Pilipino". *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. (Ed.) Rogelia Pe-Pua. Lungsod Quezon: UP Press. 1989. Nakalimbag.
- Timbreza, Florentino T. *Pilosopiyang Pilipino*. Manila: Rex Bookstore. 1982. Nakalimbag.
- _____. *Sariling Wika at Pilosopiyang Filipino*. Manila: C&E Publications. 2008. Nakalimbag.

TUNGKOL SA AWTOR

Si **EMMANUEL C. DE LEON** ay kasapi ng Departamento ng Pilosopiya sa Unibersidad ng Santo Tomas. Kawaksing mananaliksik din siya ng Research Center for Culture, Arts, and Humanities (RCCA) ng UST. Noong 2018, pinagkalooban siya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng Julian Cruz Balmaseda Awards para sa kaniyang disertasyon. Nailimbag ang kaniyang unang libro noong 2019 na may pamagat na *Mga Tomasino sa Pilosopiyang Filipino* na kasama sa Aklat ng Bayan ng KWF.